

# 1

“Inay, finals ho ngayon ni Cheri. Kababayad ko pa lang ng tuition fee niya. Ang laki pa ho ng babayaran ko para sa graduation fee. Kailangan pa niya ng toga, bagong damit. Hindi ko pa nga alam kung makakadalo ako sa graduation niya o hindi dahil gipit na ako. Saan pa ako huhugot ng hinihingi mo? At saka, two hundred thousand pesos? *Dios mio!* Kahit siguro maglambitin ako sa live wire ay wala akong maibibigay na ganyan kalaking pera sa inyo!”

Maganda na sana ang gising ng araw ni Bing dahil sa balita ng kapatid niyang nag-aaral sa Maynila na magtatapos bilang *cum laude* sa kursong Accountancy kung hindi sinira ng pagsulpot ng nanay niya sa bahay nila.

Hindi na nila ito kasama dahil nakatira na ito sa bahay ng bagong kinakasama.

Pinang-almusal niya ang pag-ungot nito ng pera sa kanya. Kailangan lang daw ng pera ni Fernando, ang kinakasama nitong malapit nang maging kamukha ng mga inaalagaang manok na panabong.

“Pasensya na, Anak, palalayasin daw kasi ni Pekto kung hindi makabayad sa nakuhang pera.” Ang amo ng walanghiyang si Fernando ang tinutukoy nito.

“Hindi ko na ho problema iyan! Bakit kasi pati ang pagsusugal

niya ay kailangan kong pasanin? Hindi ho siya ang kadugo ko, kayo! Wala na akong pakialam sa kanya kahit mamatay pa siya.”

“Ang sakit mo namang magsalita, Bing.”

“Nakakainis na ho kayo, eh,” daing niya.

Hindi maramot na anak si Bing, pero sagad na sa buto ang kawalanghiyaan ng Fernando na iyon. Binola nito noon ang nanay niya para mayroong magatasan.

“Ubos na ba ang nakuha ninyong benefits mula nang mamatay si Tatay? Kung pinuhunan n’yo sana iyon sa negosyo, eh, di sana hanggang ngayon ay may pera pa kayo.” Malaki ang nakuhang pera ni Aling Barbie sa pagkamatay ng asawa nito.

Milyon din iyon.

Ang bahagi ng perang iyon ay ginamit para pampaayos ng bahay nila. Nilipad kasi ang bubong nang may dumaang malaking bagyo. Malaki rin ang nagastos doon ng nanay niya, kaya kahit pinangakuan siyang babahaginan ay hindi na siya nakialam pa.

May trabaho naman si Bing. Mas kailangan ni Cheri ang pinansyal na suporta kaysa sa kanya.

Pero isang beses lang nagbigay ng pera ang kanyang ina sa kapatid niya. Pagkatapos niyon ay ipinasa na nito sa kanya ang obligasyon sa pagpapaaral kay Cheri.

Napatungo si Aling Barbie sa tanong niya. “Sinubukan

naman naming magnegosyo. Kaso nga nalugi. Hanggang ngayon ang dami pa naming sisingilin.”

“Paano kasi, wala kayong tiyagang maningil,” nanggigigil na usal niya.

Namuhunan ang nanay niya sa five-six na pautang sa mga kaibigan ni Fernando na pulos sabungero. Tutol si Bing sa gusto nito, pero kahit anong paalala niya sa biyudang ina ay hindi siya nito pinakinggan.

Mas pinahalagahan pa nito ang mga sinasabi ng kinakasama, kaya kumukulo ang dugo niya sa tuwing nababanggit nito ang pangalan ni Fernando.

“Hiwalayan n’yo na nga ang lalaking iyan, Inay. Wala ka namang napapala kundi pulos problema. Pati ako dinadamay n’yo pa sa gulo ninyo.”

Napatungo si Aling Barbie sa sinabi niya. “Hindi ko kaya, Anak. Alam mo namang first love ko siya.”

Natampal ng dalaga ang kanyang noo sa sinabi nito. Dinaig pa ang teenager kung lumandi ang nanay niya. Kung hindi lang masamang mawalan ng respeto sa magulang ay naiuntog na niya ang ulo nito sa pader nang matauhan.

“Hindi na ho kayo bata para mag-inarte ng ganyan! Kinikilabutan ako sa inyo!”

“Huwag ka nang magalit, Anak. Pahiramín mo na lang ako

ng pera nang makaalis na ako. Kanina pa naghihintay sa akin si Fernando.”

“Wala nga ho akong ipapahiram sa inyo. Saan ako kukuha ng ganyan?” Tinigasan niya ang loob.

“P-pero paano na si Fernando?”

“Eh, di dalhan n’yo na lang ng makakain araw-araw sa kulungan. Buti nga sa kanya. Napakabalasubas niya!”

Hindi lang kasi ito ang pagkakataong humiram ng pera sa kanya si Aling Barbie dahil may kompromiso si Fernando sa ibang tao. At ni minsan ay hindi nakatanggap si Bing kahit singkong duling bilang kabayaran sa hiniram nito.

Punong-puno na siya. Sawang-sawa na.

Mahal ni Bing ang kanyang ina at nais niyang maging masaya ito. Pero kung kapalit naman niyon ay sangkaterbang hatid na konsumisyon sa kanya, huwag na lang. Hindi niya maipapangakong habambuhay niyang mapagbibigyan ito.

“P-parang awa mo na, Bing. Ikamamatay ko kung mawala siya sa buhay ko,” garalgal na sabi ni Aling Barbie. Dinukot nito ang panyo sa bulsa ng suot na daster at suminga. “Tatanggalin kasi siya ni Pekto sa trabaho kapag hindi nakapagbayad. Kapag ganoon daw ay luluwas siya ng Maynila at doon na makikipagsapalaran. Iiwanan na niya ako.

“Huli na ito, Bing. Maawa ka sa akin. Pagbigyan mo na ako.

*Marriage Of Inconvenience - Adrienne Rowland*

---

Kakausapin ko rin si Fernando na bayaran ka na niya sa lahat ng utang niya.”

“Wala nga akong pera.” Tinalikuran niya na ito. Walang patutunguhan ang pagtatalo nila. Mali-late pa siya sa trabaho.

Pero hinabol siya nito. “Anak, mag-cash advance ka na lang sa bakery nang may maibigay si Fernando kay Pekto. Ikaw lang talaga ang inaasahan namin, eh.”

“Na-advance ko na ho ang suweldo ko. Iyon ang pinambayad ko para sa graduation ni Cheri.”

“Hindi ka na ba puwedeng makiusap?”

“Diyos ko naman, Inay! Mag-isip nga kayo! Imposible hong pahiramin ako ni Mr. Chua ng two hundred thousand. Limang libo nga lang na hiniram ko, nahirapan na ako, iyon pa kayang ganyang kalaki?”

Napahagulgol ito sa panunumbat niya. “Sige, Anak, pasensya na. Hayaan mo at hihingi na lang ako ng tulong sa ibang tao.”

Bago makaangal si Bing ay walang lingong-likod na iniwan siya ng matanda.

---

Limang taon nang nabiyuda si Aling Barbara, ang nanay nina Bing at Cheri, sa umbagerong si Jose na tatay nilang dalawang magkapatid.

Napakaseloso kasi ng kanilang ama.

Kaunting kibot lang ng nanay nila ay nasisita kaagad. Ayaw na ayaw nitong makitang may kausap na lalaki ang asawa.

Isa pa, mabarkada kasi si Aling Barbie at mahilig gumimik kasama ang mga kaibigan nito. Madalas ay nasa lakwatsahan ito.

Mas may panahon pa nga itong makipagtsikahan sa mga kapitbahay kaysa asikasuhin ang mga gawaing bahay at ang pamilya.

Kung saan may sayawan ay hindi ito nawawala. Ito pa ang nangunguna parati kung saan mayroong gimikan.

Hindi rin marunong humawak ng pera si Aling Barbie. Numerong unong gastador ito kaya pati budget sa bahay ay nagagalaw para sa pansariling luho.

Tuloy ay palagi silang nagigipit sa pera. Sa mga ganoong sitwasyon ay nagwawala ang tatay nila na nauwi palagi sa bugbugan.

Akala ni Bing ay magkakaroon na ng kaayusan ang buhay nilang lahat nang mawala ang kanyang ama. Inatake sa puso ang tatay niya.

Pero nagkamali siya. Naghintay lang pala ng babang-luksa ang kanyang ina. Dahil pagkatapos niyon ay may dinala na itong lalaki sa bahay nila.

*Marriage Of Inconvenience - Adrienne Rowland*

---

Nagpaalam lang ito na dadalawin sa puntod ang kanilang ama dahil Valentine's Day.

Pero hindi na ito umuwi ng bahay kinagabihan. Magdamag silang naghintay, pero nagtilaok na lang ang mga manok ay walang Barbara na umuwi ng bahay.

Hindi nila inaasahan ang pag-uwi nito sa bahay na may kasama na itong lalaki at iyon na nga si Fernando. Kilala at kabaranggay nila iyon. Isa rin ito sa madalas pagselosan ng tatay nila noong nabubuhay pa.

Katiwala iyon ni Pekto, ang playboy at numero unong sabungero ng Barangay Cabid-an, palibhasa nag-aalaga at nagnenegosyo ng mga manok na panabong.

Magkaibigan ito at si Fernando bagaman nasa middle fifties na ang huli samantalang si Pekto naman ay halos kasing-edad lang yata niya.

Hindi alam ni Bing kung bakit naging first love ng nanay niya si Fernando. At hindi siya interesadong malaman dahil baka lalo lang madagdagan ang pagkadisgusto niya sa hilaw niyang stepfather.

But Fernando had one thing her father hadn't, and it was charisma. Bolero kasi at magaan kausap.

Matandang binata ang kinakasama ni Aling Barbie at nasa abroad na ang lahat ng kamag-anak. Gusto sanang i-petition ng

mga kapatid kaso ito mismo ang umayaw.

Kontento na si Fernando sa pagiging alalay ni Pekto, sa pagdadayo ng sabungan at pag-aalaga ng mga manok.

Sa totoo lang ay mabait naman ang lalaki at masipag din. Iyon nga lang, may bisyo ang tinamaan ng magaling!

Nang iuwi ito ng nanay nila sa bahay ay halos mahimatay sila ni Cheri sa pagkagulat. Lahat ng ugat sa katawan ni Bing ay naghuhumiyaw ng pagtutol.

Talagang nagkasagutan sila ng nanay niya. Pinilit nitong tanggapin nilang magkapatid sa pamamahay nila si Fernando. Siyempre, hindi sila pumayag ni Cheri.

Binantaan nila ang nakatatandang babae na maglalayas silang magkapatid kapag ipinilit nito ang kagustuhan.

Walang nagawa si Aling Barbara. Napilitan itong lisanin ang bahay nila at piliin ang sumama na nang tuluyan sa piling ni Fernando.

Sila na anak, tunay na dugo at galing mismo sa sinapupunan nito ay nabale-wala lang dahil sa matandang binatang iyon.

Beinte-siete na si Bing pero hindi pa rin siya nakakaranas magka-boyfriend. Sino ba naman kasi ang magtitiyaga sa kanya kung kadalaga niyang tao ay may excess baggage na siyang dala-dala?



*Marriage Of Inconvenience - Adrienne Rowland*

---

Pero ngayong magtatapos na si Cheri, mababawasan na ang kanyang aalalahanin lalo na kung magkaroon na ng trabaho ang kapatid niya. Kahit papaano ay may makakatuwang na si Bing sa buhay.

Pero paano ang nanay niya at ang lover boy nito?

Kung sarili lang kasi ni Bing ang iisipin niya ay okay na rin ang kinikita niya sa bakery ni Mr. Chua. Hindi naman siya maluhong tao. Simple lang ang hangad niya sa buhay.

Pero hindi naman niya puwedeng tikisin ang kanyang ina.

Ngayon ay problema pa niya ito. Bakit hindi nito maintindihan ang kalagayan niya? Nilang magkapatid?

Pati ba bisyo ng kinakasama nito ay kailangan pang iasa sa kanya?

Puno na siya! Ayaw niyang habambuhay ay maging ganito na lang ang buhay niya.

Kakausapin niya si Pekto. Baka puwedeng pagbigyan nito si Fernando na bayaran ang nagalaw na pera nang hulugan.

Labag sa loob ang gagawin niya. Una, hindi niya kaibigan ang Pekto na iyon. Pangalawa, natatakot siya sa mangyayari sa nanay niya kung sakaling iwan nga ito ng hudas na si Fernando. Tingin niya kay Aling Barbie ay mababaliw ito kapag nawala sa buhay ang kinakasama.